**American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)**
e-ISSN :2378-703X
Volume-5, Issue-7, pp-225-232
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# SIPAT-SURI SA MGA SIMBOLISMO PAMPANITIKAN AT ISYUNG PANLIPUNAN SA PELIKULANG TAKLUB NI BRILLANTE MENDOZA

Garry A. Portillo II, PhD
*Filipino Unit, College of Education/ Leyte Normal University, Philippines*

***ABSTRACT :*** This study attempted to examine deeply the literary symbolisms and social issues that is portrayed in the "Taklub" movie.The study used qualitative design which stategize on analysis to examine comprehensively the research. The respondents of the study were 10 BSED- Filipino major students who are studying at Leyte Normal University. They have watched the movie titled " Taklub by Brillante Mendoza" applying Analysis Sheet in scrutinizing the movie.The study showed that the movie "Taklub" tackled symbolisms in literature and social issues which central on faith, poverty and heroism. It was portrayed in the movie the positive attitude and disposition amid tragedy and grappling for hope. It was also described in the movie the theme of the different symbolisms which are radiated in the minds and hearts of an individual.The social issues found in the movie mirrored the current situations which awakened the aspirations of the movie casts. The movie instilled cognizance, faith, trust, and hope among viewers.The movie is helpful tool in teaching values education or on student resilience.

Keywords- *analysis, indie film, movie, symbolisms, social issues*

***ABSTRAK***

*Tinangka ng pag-aaral na ito na masuri nang malaliman ang mga simbolismong pampanitikan at isyung panlipunan na taglay ng pelikulang "Taklub". Ang naturang pag-aaral ay gumamit ng disenyong kwaliteytib na may pamaraang pagsusuri sa nilalaman o content analisis upang mabigyan ng malalim na pagsusuri. Ang mga naging kalahok ng pag-aaral na ito ay sampu (10) na mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino ng Leyte Normal University. Pinanood ang pelikulang "Taklub ni Brillante Mendoza" gamit ang analysis sheet sa pagsusuri ng pelikula.Lumabas sa naturang pag-aaral na ang pelikulang "Taklub" ay may mga simbolismong pampanitikan at mahahalagang isyung panlipunan na nagtatalakay tungkol sa kahalagahan ng pananampalataya, ibat' ibang uri ng kahirapan at kabayanihan. Ipinakita sa pelikula ang mga positibong ugali at disposisyon ng tao sa gitna ng matinding trahedya, kahirapan at kawalan ng pag-asa. Inilarawan ang diwa ng iba't ibang simbolismo na makikita sa pelikula na tumutukoy sa nakapaloob mula sa isipan at damdamin ng isang indibidwal. Ang mga isyung panlipunan sa pelikula ay may kaugnayan sa mga pangyayari sa kasalukuyan na pumupukaw sa saloobin at mithiin ng mga tauhan sa pelikula. Ang pelikulang ito ay nagpapatibay ng kamalayan, pananampalataya, tiwala at pag-asa sa bawat manonood. Angkop ang pelikulang ito bilang kagamitan sa pagtuturo ng balyus o pagpapahalaga at katatagan ng bawat mag-aaral.*

***Susing salita:*** *indie film, isyung panlipunan, pelikula, simbolismo, sipat-suri*

## I. INTRODUKSYON

Ang pelikulang Filipino ay isang obrang pansining na kakikitaan ng galing, tradisyon, kultura, kaugalian, saloobin, at pagpapahalaga ng mga tao. Ito ay salamin ng bayan dahil mayroong responsibilidad sa dimensyong sosyal. Ito ay isang uri ng *media* na may malaking epekto sa pag-iisip at pag-uugali ng mga manonood.

Sa pag-aaral ni Magcamit (2013)"ang pelikula ay isa sa mga kinikilalang sining kasama ng pagpipinta, eskultura, musika, drama at arkitektura na nagbibigay ng yaman sa ating pamumuhay. Sa kasalukuyan, ang pelikula ang may pinakamalawak na impluwensiya sa publiko dahil sa kakayahan nitong magpakita ng mga damdamin at sitwasyon na sadyang mauunawaan ng mga manonood. Tinitingala ito ng publiko na parang

salamin ng buhay dahil dito nila nasasaksihan ang paglalarawan ng kanilang mga pangarap, hangarin at paniniwala.

Iba-iba ang pinapaksa ng pelikula at kaya nitong makisabay sa daloy ng panahon. Sa tulong ng mga alagad ng sining at manunulat, ang mga kuwentong unang narinig at nabasa ay maaari nang masilayan sa mas mataas at makulay na antas ng sining—ang Filipino Indie Film.Masisilayan sa pelikulang "Taklub" ang mga simbolismong pampanitikan at isyung panlipunan na kabalikat ng ating kasaysayan, kadalasang tinutukoy nito ang mga usapin hinggil sa kahirapan, korapsyon, droga, kamangmangan, katiwalian, pang-aabuso, kawalan ng pag-asa, hindi pantay na hustisya, kalamidad at iba't ibang anyo ng pag-ibig.

Ang "Taklub" ay isang Indie Film tungkol sa pananalasa o ang paghagupit ng bagyong Yolanda sa lugar ng rehiyon 8 partikular sa lungsod ng Tacloban. Mapapanood sa pelikula kung paano bumangon ang mga tao gamit ang mga natirang ikinabubuhay at mga bagay na naisalba na nag-iwan ng iba't ibang simbolo ng panibagong pag-asa na magpatuloy sa pagharap sa tindi ng hamon ng buhay sa likod ng iba't ibang isyung panlipunang kinakaharap.

Mababanaag sa puso't isipan ang malaking sugat na iniwan ng delubyo kung saan nasilayan nila ang sinag ng araw na hudyat ng pagbangon mula sa pagkalugmok sa pang araw- araw na pangangailangan mula sa pagbagsak at pagsigla ng ekonomiya. Pinahihiwatig lamang nito na sa gitna unos o kalamidad na sinusubok tayo ng panahon at pagkakataon nangingibabaw pa rin ang pagkakisa, pagtutulungan pagdadamayan at higit sa lahat ang matibay na pananalig at pananampalataya sa Poong Maykapal.

Ang bawat pelikula ay may layuning itaas ang kaalaman ng publiko tungkol sa kahalagahan ng konsepto at nilalaman ng kuwento. Nililikha ang pelikula sa hangarin pumukaw at mag-iwan ng aral sa manonod. Ito'y magsisilbing gabay sa pang-araw-araw na gawain na maaaring mangyari sa totoong buhay. Nagtataglay ang isang pelikula ng mga simbolismong pampanitikan at mga isyung panlipunan na maaring makita sa pamamagitan ng malalim na pagsusuri sa tulong ng mga gabay. Ito ay inihanda at pinag-aralan ng may-akda na may hangaring maiparating ang tunay na layunin at ang nais nitong ipakita sa manonood.

Ang independent films ang tumatayong alternatibo sa mainstream. Ginagawa ang mga pelikulang ito ng hindi sumasailalim sa mga production companies tulad ng Viva Films o Star Cinema, maliit ang pondo para produksyon nito. Ang mismong direktor ang naghahanap ng maaaring pagkuhaan ng pondo para sa kanyang pelikula. Ngunit maliit man ang nakalap na pondo, hitik na hitik naman sa maka-sining na paggawa ang mga independent films. Mas malaya ang isang direktor na bumuo ng isang pelikula na hindi iniisip kung papatok ito sa takilya at kikita ng marami para sa mga kompanya. Ang independent films ang siyang larangan ng mga eksperimental at makabagong paraan ng paglilikha ng mga pelikula (Cruz at Mariano, 2018).

Lumabas sa pag-aaral ni Gonzales (2018) pinahahalagahan ng indie film ang magagandang kaasalan sa kapakanan ng mga manonood na sa kabila ng kakulangan ng badyet at may kabagalan ang daloy ng kwento, makikita ang kabuluhan ng mga pelikula kabilang dito kaysa sa mga pelikulang Filipinong Mainstream. Sa kabila ng pagpapalabas ng mga Pelikulang Mainstream ay nakakaligtaan ang mga kagandahang asal na dapat maipakita ng mga manonood sa kanilang pelikula.

Sa pagpasok ng makabagong panahon, at ang lahat ay mas abala na kaysa dati, nawalan ng panahon ang Pilipino na manood ng mga pelikula. Dahil pagod sa kani-kaniyang mga gawain, mula sa trabaho o eskwela, tila pilit tinakasan ng mga manood ang pelikulang nagsasalamin ng katotohanan at mas tinangkilik ang mga pelikulang komersyal, at nagbebenta ng aliw, ngunit walang masyadong dalang aral sa tao. Dahil dito ay nawalan ng posisyon ang mga sosyo-politikal na mga pelikula sa mainstream cinema (Jara, 2018).

**Balangkas Teoretikal**

Ang teoryang simbolismo ay nililinang ayon sa prinsipyo ng "polysemous" na may apat na sistema ng pagkakahulugan ng mga salita. Ito ay nililinang sa pamamagitan ng makabagong kritisismo tungkol sa pag-aaral ng mga diwa ng mga salita at ekspresyon. Ang teoryang ito a nagmumungkahi sa iba't ibang paraan sa pagkilala ng mga simbolismo sa mga salitang sinusulat at binibigkas ng mga tao (Denham, 2010).

Ayon kay Frye (2007), ang isyu tungkol sa kahulugan ay malawak at may iba't ibang anyo ayon sa uri ng panitikan. Ang *dianoia* ay isa sa mga elemento ng pagkakahulugan ng salita ng naglalayong mabigyan ng kahulugan ang isang salita o lupon ng salita. Ang mythos o narrative at ethos o *characterization* ay mga elemento na nagtatalakay sa pagkakahulugan ng mga salita. Ang mythos ay nagbibigay ng kahulugan ng mga simbolismo sa isang salaysay. Ang ethos naman ay naglalayang mabigyan ng maliwanag na kahulugan ang paglalarawan na ipinahayag sa panulat o pagbigkas na pamamaraan ng pakikipag komunikasyon.

Ang teorya ni Frye tungkol sa simbolismo ay nakatuon sa pag-aaral ng kritisismo. May mga hakbang ang pagbibigay ng kahulugan sa mga simbolismong ito lalong lalo na kung ito ay ginagamit sa pagpapaliwanag sa mga panitikan. Unang-una ang pagpapaliwanag sa mga teksto at konteksto sa iba't ibang uri ng panitikan ay ginagamitan ng mga pamamaraan upang matukoy ang mga kahulugan nito ayon sa ginagamit na simbolo.

Ang simbolo ay iniuugnay sa tamang uri ng hakbang na ginagamit ng isang manunulat ayon sa paksang literal, deskriptibo, imahe, arketayp at espirituwalidad nito. Ang *narrative* na kategorya ng simbolismo ay

iniuugnay sa ritmo, galaw, pag-ulit, pangyayari at ritwal. Ang meaning o kahulugan ay iniugnay sa pardon, estuktura, dahilan, utos at pangarap. Ang mga salita o lupon nito ay kailangan maintindihan at bigyang kahulugan ayon sa konteksto lugar, panahon at mga taong may ugnayan sa mga pangyayari o galaw sa isang istorya o literatura.

Ang lahat ng ito ay sakop ng tinatawag na anatomy criticism na nagtatalakay sa iba't ibang simbolismo, salaysay, at kahulugan na maiuugnay sa mga hakbang at kategorya sa pagkakahulugan ng salita.

Ang layunin ng panitikan ay ipakita ang kalagayan at suliraning panlipunan sa lipunang kinabibilangan ng may-akda. Naipakikita rito ang pamaraan ng mga tauhan sa pagsugpo sa suliranin o kalagayan ng lipunan na nagsisilbing gabay sa mga mambabasa na puksain ang mga katulad na suliranin.

Ang teoryang sosyolohikal ay may paksang nagbibigay ng kaapihang dinanas ng tauhan sa kwento. Ang akda rin ay nagiging salamin sa mga tunay na nangyayari sa lipunan. Naniniwala ang mga tagapagtaguyod nito na ang manunulat ay produkto ng kanyang panahon, lugar, mga kaganapan, kultura, at institusyon sa kanyang kapaligiran kung saan itinuturing sila bilang boses ng kanyang panahon.

Ang panitikan ay isang produkto. Ito ay likha ng panahon at kasaysayan, kultura, ideolohiya, lipunan at kapaligiran. Sa pananaw na sosyolohikal, ang akda ay hindi nagmula sa kawalan. Ang mga pananaw at saloobin ng mga karakter ay hinubog ng mga pangyayari. Ang akda ay sinusuri sa konteksto ng iba't ibang institusyon sa lipunan at ang kaugnayan nito sa indibidwal. Ipinapahayag ng akda ang mga saloobin, mithiin, at pangarap na hango sa galaw ng panahon. May kaisipang inihahatid sa mambabasa na naglalarawan sa pilosopiyang taglay ng akda. Tumutugon sa tungkulin ng panitikan na imulat ang lipunan sa mga katotohanan at kagalingang panlipunan. Ang panitikan ay may mabuti at kapakipakinabangang idudulot sa lipunan at ang lipunan ay kailangang tumugon sa mga sitwasyon o kalagayang hinihingi ng pagbabago upang maiangat ang tao (Burke, 2011).

**Layunin ng Pag-aaral**

Layunin ng pag-aaral na ito na matukoyang mga simbolismong pampanitikan na inilahad sa Indie Film na "Taklub" ayon sa ginamit na mga isyung panlipunan batay sa: (a) kataga o salita; (b) kasangkapan o bagay; (c) tauhan; at (d) lugar at malaman ang mga isyung panlipunan na nakapaloob sa pelikula.

## II. METODOLOHIYA

Ang pamaraang ginamit sa pag-aaral na ito ay deskriptiv-kwalitativ na nasa anyong pagsusuri sa nilalaman o *content analysis* upang mabigyan ng kahulugan at malalim na pagsusuri sa iba't ibang dimensyon at pagpapahalaga o aral ng mga piling Indie Film.

Nilalayon sa pag-aaral na ito na mapag-alaman kung ano ang mga simbolismong pampanitikan at mga isyung panlipunan ang binibigyan-pansin sa pelikulang "Taklub". Ang pagsusuri sa mga eksena at dayalogo ay inugnay ayon sa mga simbolismo na pinahiwatig at nakita mula sa mga isyung panlipunan na ipinakita o pinag-usapan sa pelikulang napanood.Binigyan ng mataas na halaga ang oras sa panonood sa pelikula. Malalim na pagsusuri ang inilaan ng mananaliksik sa mga naging sagot-pagsusuri ng mga respondente. Natatangi ang husay at galing sa pagsuri sa mga simbolismo at isyung panlipunan na nakapaloob sa pelikula at implikasyon sa pagpapahalaga sa buhay ng tao sa totoong buhay.

Gumawa ang mananaliksik talatanungan o *analysis sheet* para sa pagsusuri ng pelikula at isinangguni, ipinasiyasat, ipinaayos sa mga eksperto, at ilang guro na may kaalaman sa pagsusuri ng pelikula.Napagkasunduan ng sampung (10) respondente at mananaliksik na panoorin o suriin ang pelikula nang magkahiwa-hiwalay sa halip na sabay-sabay sa isang lugar sapagkat pandemic, kailangan ang social distancing at kailangang panoorin ang pelikula ng ilang beses ayon sa kagustuhan. Ang pagsusuri ay hindi naging madali at nangailang ng sapat na oras at araw upang magkaroon ng pokus. Ito ay nasiyasat at napag-aralan nang mahusay sa mga araw na bakante o walang ibang pinagkakaabalahan.

Ang mga datos na nalikom ay pinoproseso ayon sa tema o paksang nais ipahiwatig ng sa pelikula. Ang mga magkakaparehong opinyon o ideya at ang magkasalungat ay pinapangkat upang mas madali ang pagsusuri. Ito rin ang basehan sa pagpresenta ng mga datos. *Thematic Content Analysis* ang ginamit upang bigyang kahulugan ang mga sagot tungkol sa mga simbolismo at isyung panlipunan na inilahad sa pelikula. Ang mga paksang diwa ng bawat kasagutan ng mga tagatugon ay naging patnubay sa pagpangkat at gabay sa pagsusuri ng mga datos. Inisa-isa ng mananaliksik ang mga sagot ng mga tagatugon sa bawat tanong o kategorya sa Indie Film. Ang mga kasagutan ay pinangkat-pangkat ayon sa mga paksang-diwa at pagkahatulad ng mga sagot.

## III. MGA RESULTA AT DISKUSYON

**TALAHANAYAN 1.1**

Simbolismo ng mga Kataga o Salita

| KATAGA O SALITA | KAHULUGAN / DESKRIPSYON |
|---|---|
| *"Dito tayo lumaki, at dito tayo* | Ang pangungusap na ito ay nagpapakita ng paniniwala na kayang maayos |

| | |
|---|---|
| *tatanda."* | ang lahat. Na kahit na nawasak ang ating mga buhay o kagamitan ay kaya parin ito nating maayos at mas mapabuti. |
| *"May rason kung bakit tayo nabubuhay."* | Pinapahiwatig ng linyang ito na gaano man kahirap ang buhay ay may dahilan kung bakit tayo ilinagay ng Diyos dito sa mundong ito. |
| *"Tulong!"* | Ang salitang tulong ay nagpapakita na lahat ng tao, mayaman man o mahirap ay nangangailangan ng tulong upang makalagpas sa mga pagsubok na dumaraan katulad ng mga sakuna trahedya at kalamidad. |
| *"Eto, naghihintay na lang na kunin ng hangin kasi wala na akong tirahang mapupuntahan"* | Ito ay simbolo ng pagdurusa. Pagdurusa sapagkat siya ay nag-iisa na lamang at wala nang ibang pamilya dahil ang kanyang pamilya ay namatay na dahil sa sunog. |
| *"May tsunami! May tsunami!"* | Simbolo ng pagka-trauma dahil sa kalamidad na nangyari, na kahit ulan lamang ay lumalawak na ang imahinasyon ng mga tao. |
| Tzu Chi Foundation (Pundasyong Tzu Chi) | Isa sa pinakamalaking organisasyong Budista na nakabase sa Taiwan. Nagbibigay ng tulong tulad ng pera, pabahay, paaralan at bigas para sa mamamayan.<br>Ang Tzu Chi ay non-profit organization na nakapagtayo ng maraming ospital at paaralan sa iba't ibang bansa. |
| *"Kun ako, gabay nala ako nagpakamatay*"(Kung ako, mas maganda nalang ang magpakamatay.) | Nangngahulugan ng kawalan ng pag-asa at kahinaan ng loob sa sunud-sunod na trahedyang nagyari, |
| *"Maupay na buhi kapa"* (Maganda at buhay kapa) | Kasiyahan at pasasalamat sa pagkakaligtas sa delubyo. |

Ang pelikulang ito ay nagpapakita ng paniniwala sa prinsipyo at kabutihan ng tao sa pamamagitan ng mga salitang "Dito tayo lumaki at dito tayo tatanda", "May rason kung bakit tayo nabubuhay" at "Tulong!". Ang mga salitang ito'y naglalarawan ng damdamin ng lipunan na pag-asa at positibong pananaw sa buhay sa gitna ng trahedya. Likas sa mga Pilipino ang tibay ng loob kahit may mga suliranin at pagsubok ang dumaan sa kanilang buhay. Sa pelikulang ito ay nakita ang iba't ibang reaksyon at pamamaraan sa paghahanda at pagtanggap sa trahedya. Ngunit magkakatulad ang kanilang disposisyon na may pag-asa at kailangang bumangon at patuloy na makikibaka sa araw-araw nilang pamumuhay.

Ang pagtutulungan at pagdadamayan ay likas sa mga Pilipino. Nakahanda ang sinuman tumulong sa oras ng trahedya o sakuna. Nangingibabaw ang kabutihan sa oras ng kapighatian. Pagbibigayan at pagmamahalan ang nagiging sandalan ng karamihan. Ipinakita sa pelikulaang ito na may mga tao o bansa na nakahanda tumulong sa anumang delubyo na dumating sa ating buhay.

**TALAHANAYAN 1.2**

Simbolismo ng mga Kasangkapan o Bagay

| KASANGKAPAN O BAGAY | KAHULUGAN / DESKRIPSYON |
|---|---|
| Tasa | Ang tasa na may mukha ng mga anak ni Bebeth ay nagsisimbolo ng pagmamahal ng isang ina. Na kahit parang imposible na silang matagpuan ay naniniwala parin siya na matatagpuan niya sila. |
| Giba na Krus | Ang krus na natagpuan ni Larry ay nagsisimbolo ng pa pagkawala ng pananampalataya. Na ang tao ay tao lamang at nawawalan din ito ng pag-asa. |
| Alkansiya | Pagtutulungan at pagkakaisa |
| Radyo | Instrumento sa ugnayan ng mamamayan bilang komunikasyon at hudyat sa mga sakuna. |
| Relief Goods/Donations | Pagdadamayan, Pagbabahagi ng kunting tulong bilang pasasalamat sa mga biyayang tinatamasa at kabutihan sapagkalinga sa kapwa. |
| Lampara | Simbolo ng kapahamakan sa pamilya ni Renato at direksyon para sa bagong liwanag sa panibagong buhay. |
| Gitara | Sumisimbolo ng kaginhawaan at kapayapaan. |

Ang tasa na may mukha ng mga anak ni Bebeth ay nagsisimbolo sa pagmamahal ng isang ina. Ang "giba na krus" naman ay nagsisimbolo ng pagkawala ng pananampalataya.

Ang relief goods at pang donasyong materyal ay naglalarawan ng pagtutulungan at pagkakaisa ng mga Pilipino sa panahon ng sakuna at kahirapan. Kahit sa gitna ng trahedya, makuha pa rin ng mga Pilipinong tumawa at magsaya. Gamit ang gitara, sa kantahan at sayawan maibsan ang hirap at pait kahit saglit lamang.

**TALAHANAYAN 1.3**

Simbolismo ng mga Tauhan

| TAUHAN | KAHULUGAN / DESKRIPSYON |
|---|---|
| Bebeth (Nora Aunor) | Si Bebeth, sa pelikula na ito ay nagsisimbolo ng pag-asa at pagmamahal. Pag-asa dahil kahit kung naghihirap sila ng kanyang pamilya ay hindi parin siya sumusuko, at pagmamahal dahil hinahanap parin niya ang kanyang mga namatay na anak kahit kung matagal nang lumipas ang bagyong Yolanda. |
| Larry | Si Larry sa pelikula na ito ay nagsisimbolo ng kawalan ng pag-asa. Siya ay nagpapakita na ang tao, gaano man ito katatag ay napapagod rin. Pinapakita ni Larry na kapag sunod-sunod na dumarating ang paghihirap sa buhay at kahit gaano pa kalaki ang tiwala mo sa Diyos ay aabot ka rin sa punto na gusto mo nang sumuko. |
| Erwin | Si Erwin ay simbolo ng lakas ng loob. Pinapakita niya sa mga manonood na kailangan nating maging matatag sa gitna ng paghihirap. Na misan ay may mga bagay na mas importante, mga bagay na kailangan nating protektahan. |
| Renato | Nakaligtas sa napakalakas na bagyong Yolanda at hagupit ng dagat (delubyo). Hindi pa nga nakakabangon hinamak at sinubok naman ng gasera na nagliyab ang apoy na ikinasawi ng ilang miyembro ng pamilya. |
| Survivors | Ipinapakita ang pag-asa, pagkakaisa, pagmamahal paghihirap, pagtutulungan at kahalagahan ng pagtutulungan. |

Si Bebeth ay simbolo ng pag-asa at pagmamahal. Si Larry naman ay salungkat sa pagkatao ni Bebeth. Si Erwin ay isang simbolo ng katatagan.

Si Renato ay sumisimbolo ng mga Pilipino na nakaranas ng sunod-sunod na trahedya ngunit patuloy na nabubuhay kahit masakit man sa kanya ang pagkawala ng mahal niya sa buhay. Sila at ang mga survivor ay simbolo ng katatagan at lakas ng loob ng bawat Pilipino.

**TALAHANAYAN 1.4**

Simbolismo ng mga Lugar

| LUGAR | KAHULUGAN / DESKRIPSYON |
|---|---|
| Simbahan | Simbolo ng simbahan ang lakas ng tiwala ng mga tao sa pananalig at pananampalataya sa Diyos. Na sa kabila ng lahat ng mga pagsubok nangyayari sa buhay patuloy ang pananalig na pinoprotektahan at ginagabayan tayo ng Diyos na lumikha ng lahat. |
| Dagat | Simbolo ng dagat ang buhay. Paminsan ay kalma at matahimik, at paminsan ay maalon at mahirap. |
| Mass Grave | Simbolo nito ang pagmamahal ng pamilya. Na kahit na may mga pagkakaiba tayo sa paniniwala at kung minsan ay nag-aaway ay sa huli mahal parin natin ang isa't isa. |
| Hospital | Kabutihan at kaligtasan. |
| Tacloban Astrodome | Isang malaki at malawak na lugar na ginagawang evacuation center sa oras ng mga trahedya, bagyo o delubyo.<br>Nagsilbing tirahan ng mga mamamayan sa oras na may paparating na delubyo. Sa malaking lugar na ito nagaganap ang pagbibigay ng relief goods. |
| Bukid na may kabahayan (Landslide) | Ang bukid ay nasisira rin kapag nagalit ang inang kalikasan na maaring kumitil sa buhay ng mga tao. Kinakailangan lumikas sakaling may parating na delubyo. |
| Dagat | Ito ang pinagkukunan ng kabuhayan ng karamihan. Minsan tahimik, maalon, at nagbabadya ng panganib sa ating buhay na hindi natin akalain na ito ang papatay sa maraming tao. |

Ang simbahan, dagat at *mass grave* ay mga mahahalagang lugar na may kaugnayan sa pelikula at mga tagpo nito. Ang simbahan ay sumasalamin sa pananampalataya sa Diyos. Ang dagat naman ay inihalintulad sa buhay ng tao. Minsan ang buhay ay kalma at tahimik. May mga pagkakataong ang buhay ay mahirap at magulo. Katulad ng buhay minsan ay mahirap at magulo. Katulad ng buhay, minsan ang dagat ay maalon, minsan naman ay tahimik.

Ang *mass grave* ay simbolo ng pagmamahal ng pamilya. Kahit iba man ang paniniwala, pagmamahal pa rin ang nagbubuklod sa bawat kasapi nito lalong lalo sa panahon ng kamatayan. Ang iba't ibang lugar na makikita sa pelikulang ito ay naging mahalagang paraan ng paglalarawan bago nangyari ang trahedya, at mga lugar kung saan at paano sila bumabangon pagkatapos ng trahedya.

**TALAHANAYAN 2**

Mga Isyung Panlipunan

| ISYUNG PANLIPUNAN | SIMBOLISMO |
|---|---|
| Dulot ng isang matinding kalamidad, kahit nag tulong tulong ang mga tao ay kulang pa rin ito para maapula ang sunog. | Pagdadamayan |
| Nanganganib ang mga bahay na walang lalaking kasama sapagkat maaring may manghimasok na masamang manloob sa kanila. | Takot at Pangamba |
| Kailangan munang magbigay ng alkansya na may lamang perang inipon ng mga tao upang mabigyaan ng bigas. (Tzu Chi Foundation). Lahat ng tao ay nagkakaisa at sama-sama sa pagtulong sa mga nangangailangan. | Pagkakawang gawa/ Bayanihan |
| Sa bawat malakas na bagyo o hangin ay ipinapalikas ang mga tao sa kanilang tahanan. (hassle). | Sakripisyo |
| Ang hindi pag sunod sa alintuntunin na bawal magtayo ng bahay sa "NO BUILD ZONE. | Kaligtasan |
| Kahit na may masamang karamdaman ay pinpilit pa rin kumayod upang kumita ng pera.<br>Nasa estado ng kahirapan dulot ng Bagyong Yolanda.Ang pagkuha ng mga yero sa mga bahay na itinayo para lang maibenta sa junkshop. | Krisis /kahirapan sa pagtaas ng presyo ng lahat ng bilihin. |
| Ang paglaro ng kanilang mga isipan na may masamang mangyayari dulot ng kanilang naranasan noong Bagyong Yolanda. | Paggunita sa nakalipas |
| Matinding kalungkutan ang nadarama ng mga nakaligtas sa Bagyong Yolanda para sa pagkawala ng mahal nila sa buhay. | Pangungulila |
| Magpakamatay upang maibsan ang sakit na nararamdaman nila. May ilan na tuluyan nang nasiraan ng bait. Nawalan ng pasensiya dahil sa tinagal-tagal ng proseso ay wala pala itong mahalagang resulta.(DNA test, mass grave) | Kawalan ng Pag-asa |
| Lahat ng tao ay "over protective" samga ari-arian nila sa punto na pwede silang makapatay sa kung sino man ang kumuha nito (kinuha yung yero tapos suntukan). | Pag-iingat sa natitirang kagamitan. |
| Dulot ng pagkawala ng mahal sa buhay ay may ilan ang nawalan ng tiwala sa Diyos pero karamihan pa rin ay tumatakbo at humihingi ng tulong at pasasalamat sa Kanya. | Pananalig at tiwala sa Diyos (espiritwal) |
| Pahirapan sa gabi sapagkat walang ilaw o kuryente at iniiwasan ang pagamit ng "gasera" dahil sa nangyaring insidente. | Kawalan ng liwanag sa tahanan na sinubok ng panahon. |
| Pahirapan ang pagproseso ng dokumento ng mga namatay sapagkat parang walang koordinasyon sa mga ahensiya ng gobyerno. | Pagbibigay ng disiplina sa sarili at pakikiisa sa tagapamahala. |
| Pahirapan ang pagkuha ng makakain kagaya nang kanin, ulam, at iba pa. Siksikan at kakulangan ng pagkain para sa mga taong nasa evacuation center. | Sakit-gutom sa kumakalam na sikmura.<br>Mahina ang koordinasyon at hindi sinuri ang proseso. |
| Bumagsak ang ekonomiya ng lungsod, nagtaas ang presyo ng mga bilihin at serbisyo ng mga tao.Nahirapan ang maliit na tao. Ngunit sa kabila ng paghihirap na dinanas marami namang tulong ang tinamasa mula sa iba't ibang ahensya lokal at nasyonal. | Pagbagsak ng Ekonomiya na dahan-dahang pagbangon sa pamamagitan ng bayanihan. |
| Sa buhay ng tao laging may saya at lumbay, paghihirap at kasaganahan. Anumang bagyo o trahedya ang dumating tayong mga Pilipino ay | Kalagayang Espiritwal<br>Ang mga pagsubok ay |

| | |
|---|---|
| patuloy parin angpananalig at panampalataya sa Panginoon. | nagsisilbing liwanag na nanagpapatibay sa ating pananalig sa Diyos<br>Simbolo ito ng katatagan na patuloy tayong manalig at maging matibay ang ating paniniwala sa Diyos. |

Makikita sa pelikulang ito ang pagdadamayan, kawang gawa, bayanihan, sakripisyo, kaligtasan, at pananalig at tiwala sa Diyos. Ito ay mga positibong isyu na dapat tularan. Subalit may mga kaganapan sa pelikula na sumasalamin sa mga takot at pangamba, pangungulila at kawalan ng pag-asa pangungulila sa mga mahal sa buhay, at ang pagharap sa krisis/kahirapan sa biglaang pagtaas ng presyo ng lahat ng bilihin dahil sa mga dagok na nararanasan dala ng kalamidad.

Kahit ganito ang mga karanasan ng mga tao, patuloy pa rin ang kanilang pananalig at pananamplataya sa Diyos. Kahit mahirap at masakit kumakapit pa rin sila sa Diyos na makapangyarihan.

Kung ating balikan ang mga kaganapan sa kuwento, suriin kung paano bumangon ang mga tao gamit ang mga natirang ikinabubuhay, mga bagay na naisalba pa, ayon sa mga gumanap datapwat sariwa pa ang sugat na iniwan ng unos, sila'y nakakaraos pa sa pang araw- araw na pangangailangan, sa ganitong pahayag nagpapahiwatig lamang na nasa gitna sila na maari silang mawalan o may pagkakataon na salat sila sa pang araw-araw nilang kailangan lalo na pagkain.

Kung mapapansin natin sa kwento, bahagyang sira pa ang ilang daanan, nagiging sanhi rin ito ng pagkautal ng mga produkto pang ekonomiya, ngunit ang mga tao ay sadyang malikhain sa oras ng kagipitan, yaman ang lungsod ay napapaligiran ng tubig, sila'y nakakapag sustenar ng suplay ng isda sa merkado kaya naman dahilan ito ng muling pagsigla ng ekonomiya ng lungsod.

Sa pelikulang "Taklub" naipakita rito kung gaano katatag ang paniniwala ng tao sa Panginoon sa panahong sunod sunod na trahedya ang dumarating, dito nasusukat ang pananampalataya ng karamihan.

## IV. KONGKLUSYON

Ang Indie Film na pinamagatang "Taklub" ni Brillante Mendozaay gumamit ng mga simbolismo sa pamamagitan ng mga kataga o salita; kasangkapan; tauhan at lugar upang mas maging malalim ang kahulugan at naaayon ang mga ito sa tunay na kaganapan sa isang indibidwal, pamilya o lipunan.

Ang Indie film na ito ay may mga mahalagang isyung panlipunan na nagtatalakay tungkol sa kahirapan, pananampalataya at kabayanihan. Ipinapakita sa pelikula ang mga positibong ugali at disposisyon ng tao sa gitna ng trahedya, kahirapan at kawalan ng pag-asa.

Inilarawan sa mga simbolismo at isyung panlipunan ang nakapaloob sa isipan at damdamin ng isang indibidwal. Ang pelikulang ito ay nagpapatibay ng kamalayan, pananampalataya, tiwala at pag-asa sa bawat manunood. Angkop ang mga ito bilang kagamitan sa pagtuturo ng balyus o pagpapahalaga at katatagan ng bawat mag-aaral.

Ang mga isyung panlipunan na nakapaloob sa indie Film ay may malaking papel na ginagampanan sa mga manonood upang maikintal sa kanilang isipan ang imahe na maaaring maidulot sa kanilang pagkatao o buhay.

Ang Indie film na ito ay magsisilbing instrumento o gabay sa mga kabataan. Ang mga pangyayaring ipinakikita sa pelikula ay magsisilbing patnubay sa landas na kanilang tatahakin. Ang mga magulang at guro ang magsisilbing ilaw sa pagbibigay daan sa katotohanan tungo sa kabutihan para sa kabataan. Nasa kabataan na ang desisyon kung anong landas ang kanilang tatahakin.

## SANGGUNIAN


[1] Magcamit, Mary Rose (2013). Kabanata ii: mga kaugnay na literatura at pag-aaral. http://hiwagangpelikulangbollywood20072008. blogspot.com/2014/10/ kabanata-ii-mga-kaugnay-na-literatura.html

[2] Cruz, J., & Mariano, P.J. (2018). INDIE FILMS: Kasarinlan sa Kumbensyunal. Retrieved from http://www.matanglawin.bebto.com/isyu05/kilatista_ indie.htm.

[3] Gonzales, L. P. (2018). Pagtataya sa mga Pagpapahalagang Pangkatauhan na nakapaloob sa mga Piling Pelikulang Filipinong Indie at Mainstream. Di-nailathalang tesis. Lungsod Tacloban: Leyte Normal University.

[4] Jara, R.G. (2018). Sosya-Politikal na Aspeto ng Pelikulang Pilipino. Retrieved from https://www.academia.edu./30472404/SosyoPolitikal_na_Aspetong_Pelikulang_Pilipino.

[5] Denham, Robert D. (2010), *Northrop Frye: An Enumerative Bibliography*, Scarecrow Press, 1974, p. 68.

[6] Frye, Northrop (2007). Jean O'Grady; David Staines (eds.). *Collected Works of Northrop Frye Volume 12: Northrop Frye on Canada*. Toronto: University of Toronto Press.

[7] Burke, Kenneth (2011). "Literature as Equipment for Living." *Critical Theory Since Plato.* Harcourt Brace Jovanovich, New York.